Magsuot kayo mula sa mga puting kasuutan ninyo sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa pinakamabuti sa mga kasuutan ninyo. Magbalot kayo sa mga ito ng mga patay ninyo."}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magsuot kayo mula sa mga puting kasuutan ninyo sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa pinakamabuti sa mga kasuutan ninyo. Magbalot kayo sa mga ito ng mga patay ninyo."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Ibnu Mājah]

Gumagabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga lalaki ng pagsusuot ng mga kasuutan na may kulay puti at pagbabalot sa mga patay sa mga ito sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa pinakamabuti sa mga kasuutan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65553